# KAYA MO BANG PIGILAN SI HESUS?

*A Lord's Flock General Assembly Topic*
Ni: Sis. Techie M. Rodriguez *(Elder-Founder)*
Setyembre 16, 2023

Sa isa o higit pang pagkakataon, tayo ay dumaan sa desperadong sitwasyon. Kapag naramdaman natin na parang katapusan na ang lahat, maaari tayong dumaing sa Diyos. Siya ay makapangyarihan, higit pa sa sapat, at higit na may kakayanan upang tayo ay tulungan. Sa Lk. 18:1-8, ibinigay ni Jesus ang talinghaga ng masamang hukom at ang matiyagang balo upang ipakita na tayo ay hindi dapat huminto sa pananalangin. Kaya naman, sa pinakamababang punto ng ating buhay, dapat natin tandaan na si Hesus ay naroroon at nakikinig sa ating mga pagsusumamo. Kung tayo ay matuwid at malinis na humarap sa Panginoon, ang ating paghingi ng tulong ay mapakikinggan. (Awit 34:15; Job 34:28).

**Maraming karakter sa Bibliya ang nagtiyaga kahit na marami ang sumubok na pigilan si Hesus.**

**1. Si Moises** ay ginamit ng Diyos upang iligtas ang Israel mula sa mga taga Ehipto.

**2. Ang Taong Bulag na si Bartimeo** (Mk. 10:46-52). Siya ay nakaupo sa tabi ng kalsada at nagmamakaawa. Desperadong tumawag kay Hesus at sumigaw para sa awa at pagpapalaya. Kahit na hinarangan siya ng mga tao, patuloy pa rin siya sa pagtawag. Nang tinawag siya ni Hesus, itinapon niya ang kanyang damit at tumalon patungo kay Hesus. Ang kanyang pananampalataya ang nagligtas sa kanya at siya ay muling nakakita.

2.1 Hindi natin dapat hayaang pigilan tayo ng sinuman na magpuri sa Diyos. Palagi tayong manalangin upang makita natin Siya.

2.2 Ang kasuotan ng pulubi ay sumisimbolo sa kanyang lumang pamumuhay. Siya ay nanirahan sa kasuotang ito kasama ang limitasyon at mental na disposisyon nito. Kapag ang ating kaisipan ay nabago na ng Diyos, nararapat na tuluyan na nating iwan ang dating gawi at mamuhay ayon sa larawan ng lumikha sa atin, ang Diyos (Col. 3:5-11).

**3.Pagbabalik-loob ni Saul**. Inuusig ni Saul ang mga alagad nang nagpakita sa kanya si Jesus sa kanyang paglalakbay at siya ay nabulag. Ngunit, pagkatapos na siya ay mabautismuhan, napuspos siya ng Banal na Espiritu at nabawi ang kanyang paningin at ang kanyang lakas (Mga Gawa 9:17-19).

3.1 Maraming espirituwal na bulag sa tabi ng daan na hindi pa nakikita ang liwanag ng Ebanghelyo. Tayong nakakikita ngayon ay dapat na umakay sa kanila papunta sa Diyos (2 Cor. 4:4, Lk. 4:18).

3.2 Kapag nakita natin ang liwanag ni Jesus, matutuklasan natin ang Kanyang pinakadakilang kayamanan - ang Kanyang pananampalataya at puso, nagsisimula na ang pagbabago, naitatapon na ang lumang pagkatao, at walang kabuluhang mga bagay.

3.3 Sa kabila ng mga pagsubok, gagawing perpekto ni Jesus ang lahat. Huwag tayo mawalan ng pag-asa. Siya lamang ang makapagpabago sa ating mga puso.

**4. Ang Pagpapagaling ng Paralitiko** (Jn. 5:1-14). Siya ay paralitiko ng 38 na taon. Sinabi ni Hesus na bumangon siya, buhatin ang kanyang higaan, at lumakad. Sinabi rin ni Hesus sa kanya na siya ay magaling na at huwag na muling magkasala, para walang mas masahol na mangyari sa kanya.

4.1 Kung gusto nating gumaling, sumunod tayo kay Hesus.

4.2 Humingi tayo ng tulong o panalangin ng mga taong *"spiritually mature."*

**5. Ang Babaeng Dinududugo** (Mk. 5:25-34). Siya ay naghirap sa loob ng 12 taon na kahit ang mga doktor ay walang nagawa. Kahit siya ay itinuturing na marumi at hindi dapat lumapit kay Hesus, naniwala pa rin siya na ang paghipo sa damit ni Jesus ang magpapagaling sa kanya at ito ay nangyari. Nagalak si Jesus sa kanyang pananalig at sinabi, "Anak, pinagaling ka ng iyong pananalig. Umuwi ka na at ipanatag ang iyong kalooban. Ikaw ay magaling na."

**Konklusyon:**

Nais ng Panginoon na magkaroon tayo ng personal na relasyon sa Kanya. Dapat tayong patuloy na manalangin at tayo ay Kanyang pakikinggan.

**Pagninilay:**

1. Namumunga ka na ba ngayon mula ng ikaw ay ma-renew (Awit 34)? Mas mapagmahal ka na ba, mas mahabagin, at mas malapit sa Diyos?
2. Paano mo hahayaang hawakan ka ni Jesus?

**Isinalin ni:** Sis. Mayflor Barcita
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
Para sa higit pang mga turo, bisitahin ang website:**https://lordsflock.org/teachings/digests**
Mga tag: #Panalangin #Pananampalataya#Kagalingan